# Philippine Biblical Worldview Institute

**Certificate in Biblical Studies**
**BS300 Heroes and Judges**

**BS305 Joshua, Part 1**
**Conrad Jun Tolosa**

## *Joshua*

### *Ang Preparasyon sa Pagsakop sa Canaan*

Inutusan ng Panginoon si Joshua na anak ni Nun na tumawid sila sa Ilog Jordan patungo sa mga lupaing ibinigay sa kanila ng Panginoon. Sinabi Niya kay Joshua na magpakatatag siya at lakasan ang kanyang loob, huwag siyang matatakot o mawawalan ng pag-asa sapagka't ang Panginoon ay kasama niya saan man siya magpunta.

Inutusan ni Joshua ang mga opisyal ng Israel na ihanda na ang mga kakailanganin sapagkat sa loob ng tatlong araw sila ay tatawid ng Jordan.

***Ang dalawang espiya at si Rahab.*** Buhat sa kampo ng Shittim, si Joshua ay nagpadala ng dalawang espiya sa lungsod ng Jericho upang magmanman. Sila ay tumuloy sa bahay ni Rahab, isang babaeng nagbebenta ng aliw. Nakaabot sa kaalaman ng Hari ng Jericho ang balitang ito kaya nagtungo ang mga sugo niya sa bahay ni Rahab. Sila ay nabigo sapagkat itinago ni Rahab ang dalawang Israelitang espiya. Nangako ang dalawang espiya kay Rahab na hindi nila gagalawin ang kanyang pamilya.

Nagtago ang mga espiya sa burol habang sila ay hinahanap ng mga tauhan ng Hari. Makalipas ang tatlong araw, sila ay bumalik sa kampo at inulat kay Joshua ang buong pangyayari.

***Tumawid ang mga Israelita sa Jordan River.*** Umalis sila sa Shittim at nagkampo sila sa pampang ng Ilog Jordan. Malaki ang tubig ng Jordan sa panahong iyon. Pagdating ng mga saserdote na may dala ng Ark of the Covenant, sila ay tumapak sa tubig sa gilid ng Jordan at ang tubig ay nahawi sa isang-tabi. Ang buong Israel ay nakatawid sa tuyong lupa.

Matapos nilang tumawid sa Ilog Jordan, si Joshua ay pumili ng 12 lalaki, isa sa bawat lipi. Pinakuha niya ang mga ito ng tig-iisang bato sa gitna ng Jordan at ipinalagay ito sa kanilang pagkakampohan sa Gilgal. Naglagay rin si Joshua ng 12 bato sa gitna ng Ilog Jordan. Matapos niya itong gawin, muling umapaw sa pampang ang tubig. Sa araw na iyon, ginawang dakila ng Panginoon si Joshua sa paningin ng buong Israel. At siya'y iginalang nila habang siya'y nabubuhay, tulad ng ginawa nila kay Moses.

Inutusan ng Panginoon si Joshua na tuliin ang mga kalalakihan ng Israel na ipinanganak noong panahon na sila ay naglalakbay sa wilderness. Gilgal ang itinawag nila sa lugar na ito.

Ipinagdiwang din nila ang unang Passover sa kapatagan ng Jericho.

### *Ang Commander ng Hukbo ng Panginoon*

Nang mapadako si Joshua malapit sa Jericho, biglang nagpakita sa kanya ang isang lalaki na hugot ang espada. Tinanong siya ni Joshua kung siya ba ay kampi o laban sa kanila. Ang lalaki ay nagpakilala na Commander ng Hukbo ng Panginoon. Inutusan ng commander si Joshua na hubarin niya ang kanyang

sandalyas sapagkat ang lupa na kanyang kinatatayuan ay banal.

Nakasara na ang mga pintuan ng Jericho upang walang sinumang makapasok o makalabas. Ngunit siniguro ng Panginoon kay Joshua na ang Jericho ay ibinigay na Niya sa kanyang kamay.

***Ang Jericho march.*** Inutusan ng Panginoon si Joshua at ang kanyang mga kawal na umikot sa buong Jericho minsan isang araw sa loob ng anim na araw. Sa ikapitong araw, pitong beses silang iikot sa lungsod at hihipan ng pitong saserdote ang trumpetang dala nila. Pagkarinig nila sa isang malakas at mahabang tunog ng tambuli; ubod lakas silang sumigaw. Sa sandaling mangyari iyon, ang makapal na pader ng lungsod ng Jericho ay babagsak at sila ay sasalakay. Tanging si Rahab at ang kanyang sambahayan lamang ang maliligtas sapagkat tutuparin ng mga espiya ang kanilang pangako.

Ang buong lungsod at ang anumang matatagpuan doon ay wawasakin bilang handog sa Panginoon. Ang kukunin lamang nila ay ang ginto, pilak at mga vessels ng bronze at iron.

Sinunod nga ng mga Israelita ang utos ng Diyos subalit si Achan na mula sa lipi ni Judah ay lumabag sa utos na ito. Ito ang nag-udyok sa galit ng Diyos. At bilang kaparusahan sa pagsuway na ito sila ay natalo sa pakikidigma nila sa Ai.

Si Achan at ang kanyang sambahayan ay binato at sinunog kasama ang lahat ng kanyang ari-arian. Matapos ang pangyayaring iyon, nawala ang galit ng Panginoon.

Sinabi ng Panginoon kay Joshua na tipunin niya ang lahat niyang mga kawal upang salakayin ang lungsod ng Ai. Gagawin nila sa Ai ang ginawa nila sa Jericho, ngunit sa pagkakataong ito maaari nilang kunin ang mga alagang hayop at mga ari-arian ng Ai. Nag set-up si Joshua ng ambush upang mapuksa ang buong siyudad ng Ai. Sila ay pinagtagumpay ng Panginoon.

***Joshua Renews the Covenant.*** Matapos nilang manalo laban sa Ai, nagtayo si Joshua ng altar sa bundok ng Ebal para sa Panginoon, Diyos ng Israel. At sila ay naghandog. Binasa ni Joshua ang Aklat ng Kautusan, ang mga pagpapala at mga sumpa.

***Ang panlilinlang ng mga Gibeonites.*** Ang tagumpay ng Israel ay nabalitaan na ng lahat ng mga hari na naninirahan lagpas sa Jordan at inisip na nilang magka-isa laban sa Israel. Subalit ang mga taga-Gibeon ay naisip na linlangin si Joshua. Nagpanggap ang kanilang mga sugo na sila ay mula pa sa malayong lugar at nais nilang makipagtipan kay Joshua. Subalit makalipas ang tatlong araw pagkatapos pagtibayin ang kasunduan, nalaman ng mga Israelita na nilinlang lang pala sila. Dahil sa ginawa ng mga taga-Gibeon sila ay ginawang alipin, tagapangahoy at taga-igib sa altar ng Panginoon.

***Multiple Choice:***

1. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang naglalarawan kay Joshua?
   a. Siya ay maaasahan na mandirigma ng Diyos. Hindi siya bumitiw sa anumang laban na hinarap nila.
   b. Nakatuon ang kanyang mga mata sa Diyos at hindi sa mga balakid na nakikita niya.
   c. Lubos ang kanyang pagkakilala at pagtitiwala sa Diyos.
   d. All of the above.

2. Bakit naligtas si Rahab at kanyang pamilya sa sinapit ng kanyang mga kababayan?
   a. Sapagkat naniwala siya sa kanyang nabalitaan na ang Diyos ng mga Israelita ay makapangyarihan.
   b. Sapagkat natakot siya na saktan ng dalawang espiya kaya tinago niya sila.
   c. Sapagkat nakatakas siya at ang kanyang pamilya bago pa man sumalakay ang mga Israelita.
   d. Wala sa choices ang sagot.

3. Bumagsak ang pader ng Jericho:
   a. dahil niyanig ito ng lakas ng tunog na idinulot ng pag ihip ng trumpeta.
   b. sapagkat napakalakas ng sigaw ng mga Israelita at ito ang nag payanig sa pader.
   c. dahil sa kapangyarihan ng Diyos.
   d. Wala sa choices ang sagot.

4. Ang pagbagsak ng pader ng Jericho ay pagpapakita ng:
   a. kahalagahan ng pakikinig at pagsunod ng lubos sa inutos ng Diyos.
   b. pagtupad ng Diyos sa Kanyang pangako tungkol sa lupang ibibigay Niya sa lahi ni Abraham.
   c. kahalagahan ng paghihintay sa pamamaraan at tamang panahon ng Diyos na matutupad ang sinabi Niyang magaganap.
   d. All of the above.

5. Ano ang dahilan ng pagkatalo ng mga Israelita noong unang pakikipagdigma nila sa Ai?
   a. Sapagkat hindi sila sumunod na instructions ng Diyos kung paano sila tatalunin.
   b. Sapagkat nagtiwala at umasa sila sa sariling kakayahan.
   c. Sapagkat si Achan ay nagtago para sa sarili ng mga bagay mula sa Jericho na dapat ay wasakin.
   d. Sapagkat hindi nakipag ugnayan si Joshua sa Diyos.

6. Bakit nilinlang ng mga taga-Gibeon si Joshua at ang mga leaders ng Israel?
   a. Sapagkat gusto nilang maging kaibigan sila.
   b. Sapagkat alam nila na mayaman ang mga Israelita.
   c. Sapagkat kaaway nila ang mga hari ng ibang bayan at gusto nilang magkaroon ng kakampi.
   d. Sapagkat alam ng mga Gibeonites na ang nangyari sa Jericho ay mangyayari rin sa kanila maliban na lang kung sila ay may kasunduan.

7. Ano ang dahilan at napaglinlangan ng mga Gibeonites si Joshua at ang mga leaders ng Israel?
   a. Dahil naawa sila sa maaaring kahihinatnan ng bayan ng Gibeon
   b. Sapagkat sila ay gumawa ng hakbang ng hindi kumunsulta sa Diyos.
   c. Dahil magaling magsinungaling ang mga taga Gibeon.
   d. All of the above.

© Revised June 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.